



Patuloy na sinusubaybayan ng Immigrant Defense Project ang mga isinasagawang pag-aaresto ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa komunidad.

## ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG ICE

### Sino ang nasa panganib na maaresto ng ICE?

**Pinahihintulutan ng batas ang pederal na pamahalaan na mag-deport ng mga partikular na imigrante, kabilang dito ang:**

- Sinumang walang legal na katayuan sa imigrasyon
- Mga mamamayang may legal na katayuan (hal. legal na permanenteng residente, mga refugees, at mga mayroong visa) na mayroong partikular na konbiksiyong kriminal



**Ang pamahalaang pederal ang nagbibigay direksyon sa ICE kung sino ang mga dapat arestuhin. Ang mga opisyal ng ICE ang magdedesiyon sa pag-paprayoridad ng pag-aaresto ng mga taong maituturing nilang:**

- Dahilan ng pagbabanta sa “pambansang seguridad”
- Nakarating sa Estados Unidos nang labag sa batas bago o matapos ang Nobyembre 1, 2020, o
- Nagbabanta sa “kaligtasan ng publiko”. Ang mga kadahilanan na ikokonsidera ng ICE ay ang mga sumusunod:
- kung ikaw ay may kasong kriminal o kung ikaw ay na aresto ng pulis kamakailan lamang.
- kung ikaw ay nakasuhan ng korte na kinasasangkutan ng mga baril o armas.

Ang mga prayoridad na ito ay dalawang beses nang nagbago sa ilalim ng Administrasyong Biden at maaaring magbago muli. Bagama’t naniniwala ka na hindi ka apektado sa mga prayoridad na ito, maaari parin magpasya ang ICE na ikaw ay arestuhin at maaaring hindi ka maging ligtas sa deportasyon.

### Sa mga mamamayang may legal na katayuan at may mga nakaraang konbiksyon

**Babala:** Maaari kang maging “target” kung:

- Mayroon kang konbiksyon mula sa mga nakaraang taon;
- Hindi ka nabilanggo;
- Mayroon kang nakamit na mabigat na kasalanan sa batas (felony) o maliit na paglabag sa batas (misdemeanor);
- Matagal ka nang legal na permanenteng residente; at/o
- Lahat ng miyembro ng iyong pamilya ay mamamayan ng Estados Unidos.

**Ang Immigration and Customs Enforcement (ICE) ay isa sa mga ahensya ng pederal na pamahalaan na responsable sa pag-papaalis o pag-deport ng mga tao. Ang ICE ay kabilang sa U.S. Department of Homeland Security (DHS).**

### Nilalapitan ba ng ICE ang sinumang tingin nila ay maaaring maipaalis?

Karaniwa’y kinikilala ng mga ahente ng ICE ang mga taong arestuhin bago maganap ang pag-aaresto. Matapos ay pinupuntahan ang mga ito sa kani-kanilang mga tahanan, “court house,” silungan at trabaho para sila’y hanapin. Minsan ay naghihintay sila sa kalye upang maisagawa ang pag-aaresto.

### Ano ang maaari kong gawin kung alam kong nanganganib akong ma-paalis?

- **Gumawa ng plano** kasama ang iyong pamilya kung sakaling ikaw ay madampot ng ICE
- **Iwasan ang pakikipag-ugnayan sa Imigrasyon** - huwag mag-aplay upang baguhin ang iyong katayuan sa imigrasyon o mag-renew ng greencard, at huwag lumabas ng Estados Unidos nang walang gabay ng isang abogado!
- **Iwasang makipag-ugnayan sa Criminal Justice System** (ibinabahagi ng pulis ang iyong mga fingerprints sa imigrasyon)!

## KUNG ANG IYONG MINAMAHAL AY MAAARING PAALISIN NG BANSA, MAGKARON NG PLANO!

Ang kaalaman ng mga karapatang mayroon ka at ang naaayon na pag-gamit ng mga ito ay komplikado.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa ICE community arrest, tignan ang librito ng IDP at pumunta sa [immdefense.org/ice-arrests](http://immdefense.org/ice-arrests) o kontakin sa [KYR@immdefense.org](mailto:KYR@immdefense.org).

Kung nais mong mag-ulat ng raid na naganap sa loob ng NYC, makipag-ugnayan sa IDP sa 212-725-6422.

Ang mga materyal na ito ay ibinigay para sa layuning pang-impormasyon at hindi bumubuo ng legal na payo. Mga Larawan at Nilalaman 2021. Licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial 4.0 Intl. License. ([creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0](https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0))

## Ano ang dapat kong gawin kung lumapit sa akin ang mga ahente ng ICE sa kalye o habang nasa publiko?

Ang pag-aaresto ng ICE sa publiko ay madalas isinasagawa ng mabilis. Maaari nilang sabihin ng malakas ang iyong pangalan upang makumpirma na ikaw ang taong hinahanap nila. Matapos nito ay patuloy ka nang dedetenihiin.

- Bago mo sabihin ang iyong pangalan o kahit ano mang impormasyon, magtanong ka, **“MALAYA NA BA AKONG UMALIS?”**
  - **Kapag sila ay sumagot ng OO:** Sabihing, “Hindi ko nais sumagot sa inyong mga katanungan” o “Mas gugustuhin kong hindi muna makipag-usap sa inyo sa ngayon.” Maglakad papalayo.
  - **Kapag sila ay sumagot ng HINDI:** Gamitin ang iyong karapatan na manatiling tahimik! Sabihing, “Nais kong gamitin ang aking karapatang hindi sumagot sa mga katanungan” at “Nais ko munang makipag-usap sa isang abogado.”
- Kapag nagsimulang kapkapin ng ICE ang iyong bulsa o halughugin ang iyong mga gamit, sabihing, **“Hindi ko kayo pinahihintulutang suriin ako.”**
- **Huwag magsinungaling o magpakita ng pekeng dokumento. Huwag tumakas o manlaban sakaling maaresto.**
- Huwag sumagot sa mga katanungang tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o kung saang bansa ka ipinanganak. Maaari nilang gamitin ang anumang impormasyon na iyong ibinigay laban sa iyong sarili. Huwag magbigay ng anumang dokumento mula sa iyong bansa katulad ng iyong pasaporte, pangkonsular na identipikasyon, o mga napasong visa.
- Kung ikaw ay may nakatalagang petsa upang dumulong sa Kriminal na Hukuman, hilinging makausap ang magdedepensa sa iyo bago ka nila damputin.

## Kung may mga opisyal na pumunta sa aking tahanan, malalaman ko ba kung sila ay galing sa ICE?

Hindi palagi! Mag-ingat: Ang mga ahente ng ICE ay madalas nagpapanggap bilang mga pulis at hihilingin makipag-usap sa iyo tungkol sa pagnanakaw ng identidad o imbestigasyon na kasalukuyang ginaganap para rito.

## Maaari bang pumasok ang ICE sa aking tahanan upang ako'y arestuhin?

Kung walang nilagdaang “warrant” ang hukom, hindi maaaring pumasok ang ICE sa iyong tahanan nang walang pahintulot ng nakatatanda. Ang pagbubukas ng pinto sa ahente ng ICE ay hindi nangangahulugang sila ay pinahihintulutang pumasok sa iyong tahanan.

## Ano ang maaari kong gawin kung may mga opisyal sa aking pinto?

- Alamin kung sila ay mula sa DHS o ICE.
- Manatiling kalmado. Maging magalang. Huwag magsinungaling. Sabihing “Hindi ko nais na makausap kayo ngayon.”
- Magalang na tanungin kung sila ay may hawak na “warrant” na nilagdaan ng hukom at isilid ito sa ilalim ng pintuan. Kung sila ay walang hawak na “warrant”, tanggihan silang makapasok.
- Kung ibang tao ang kanilang hinahanap, **hilingan sila na mag-iwan ng impormasyon** kung saan sila ay maaaring makontak. Hindi mo kailangan mag-bigay ng anumang impormasyon ukol sa lokasyon ng tao na kanilang hinahanap at **hindi dapat** magsinungaling.

## Ano ang maaari kong gawin kung nasa loob ng aking tahanan ang ICE para ako'y arestuhin?

- Sabihin sa kanila kung mayroong mga bata o matatandang residente sa iyong tahanan.
- Hilingin na sila ay lumabas ng tahanan maliban nalang kung sila ay mayroong “warrant” na nilagdaan ng hukom.
- Kung sila ay pumasok nang walang pahintulot, sabihin sa kanila na **“Hindi ko kayo pinahihintulutan sa loob ng aking tahanan. Maaari na kayong umalis.”**
- Kung sila ay nagsimulang manaliksik ng mga kwarto o mga kagamitan sa iyong tahanan, sabihin sa kanila na **“Hindi ko kayo pinahihintulutang manaliksik.”**
- Kung ikaw ay inaaresto ng ICE, sabihin sa kanila kung mayroon kang medikal na komplikasyon o may pangangailangang makipagkasundo para sa pag-aalaga ng iyong anak.

## Ano ang aking mga karapatan kung ako ay inaaresto ng ICE?

- Mayroon kang karapatan na **manatiling tahimik**. Mayroon kang **karapatan na makipag-usap sa isang abogado**.
- **HUWAG MAGSINUNGALING**. Maaari itong makaapekto sa iyo sa hinaharap.
- **Hindi mo kailangan mag-bigay ng kahit anong impormasyon** tungkol sa bansa kung saan ikaw ay ipinanganak, ang iyong katayuan sa imigrasyon, o ang iyong kriminal na rekord. Hilingin maka-usap ang isang abogado sa halip na sumagot nang mga katanungan.
- **Hindi mo kailangan ibigay ang iyong mga konsular na dokumento o pasaporte** maliban nalang kung sila ay may “warrant” mula sa hukom.
- **Hindi mo kailangan lumagda sa kahit anong bagay o dokumento.**

Ang impormasyong ito ay binago ng IDP ngayong taong 2021. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang mas mahabang booklet ng IDP na matatagpuan sa: [immigrantdefenseproject.org/ice-arrests](http://immigrantdefenseproject.org/ice-arrests)